
Hulyo 2025 Issue blg. 2025-1

# DATOS



# Pambansang Industriyalisasyon

Agraryong Rebolusyon
(1991)
Leonilo Doloricon
Rubbercut
59 x 46 cm

# Nilalaman


**Mensahe mula sa Tagapangulo ng Lupon** 3

**Atrasadong Ekonomiya ng Pilipinas at ang mga Hadlang sa Pag-unlad** **4**

**Pambansang industriyalisasyon: kabuluhan, programa, at papel ng uring manggagawa** 10

**Walang Dapat Masunog Kundi ang Patakaran** **14**

**Likhang Sining** 15

**Ang Papel ng MSMEs sa Pambansang Industriyalisasyon sa Pilipinas** **16**

**Walang Kontraktwal sa Panahon nang Pagtatayo ng Pambansang Industriya sa Tsina!** 20



**PATNUGUTAN**
DATOS July 2025 issue



EILER BOARD OF TRUSTEES

**Renan Ortiz**
Chairperson
**Rev. Irma Mepico**
Vice Chairperson
**Emily Barrey**
Secretary
**Romeo De Jesus**
Treasurer

**Prof. Rimando Felicia**
**Dr. Nancy Kimuell-Gabriel**
**Fr. Wilfredo Dulay, MDJ**
**Paul Quintos**
**Joselito Ustarez**
Members



**Rochelle Porras**
Editor

**Enrique Navera**
Issue Associate Editor

**Anjelika Marquez**
Issue Layout Artist

**Ivan Cantong**
**Anjelika Marquez**
**Enrique Navera**
**Mark Darwin Santos**
Issue Contributors


Ang DATOS sa mga pagkilos ng mga manggagawa ay inilathala ng EILER simula July 1981 bilang tulong babasahin sa mga pag-aaral, talakayan at pagsasanay ng mga manggagaw.

Ang Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER) ay isang non-stock, non-profit, ekumenikal na institusyon para sa pananaliksik at edukasyong pang-manggagawa.

Nakikipagtulungan ang EILER sa mga unyon, organisasyon at iba pang pang-manggagawang institusyon sa pagpapalaganap ng gawaing edukasyon at pagsasanay para sa mga manggagawa.

Sa ganitong diwa ay nais ipabatid ng EILER na maaaring gamitin ang nilalaman ng DATOS kahit walang pahintulot, basta't kilalanin lamang ang pinagkunan. Inaanyayahan ang lahat ng mambabasa at manggagawa na magpadala ng komentaryo at kontribusyon sa DATOS, para rin sa pagpapaunlad nito.


Topaz Building, 99-101 Kamias Road
Barangay Malaya, Quezon City
datos@eiler.ph
www.eiler.ph

## Mensahe mula sa Tagapangulo ng Lupon

Maalab na pagbati sa lahat!

Sa pagsasara ng ika-19 na Kongreso, tuluyan na ngang binasura ng lehislatura ang pag asang magkaroon ng taas sahod para sa manggagawa.
Sa patuloy na paglobo ng yaman ng Top 100 na pinakamayaman sa bansa, akalain mong ang kakarampot na 200 peso na taas sahod ay ipagkakait pa sa mga manggagawa ng ating mga mambabatas.

Nangalahati na sa kanilang termino si Marcos Jr. at Duterte, pero wala tayong nakikita at nararamdamang pagbabago kundi ang bangayan sa pagitan ng mga kampo ni Bongbong at Sara.

Malaking kawalan sa bansa ang pag udlot ni dating Pangulong Duterte sa peace talks sa pagitan ng NDFP at GRP dahil sa pagtanggi ng panig ng GRP sa Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms o CASER. Dito kasi masisilip ang dalawang pangunahing isyung tutugon dapat sa isyu ng kawalan ng trabaho at mababang sahod – reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

Kung nagkaroon ng bogus na batas sa reporma sa lupa na Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP na ipinatupad noong 1988, meron ding ipinatupad na mga batas para sa "industriyalisasyon" – andiyan ang R.A. 7103 Strengthen Iron and Steel Industry and Promote Philippine Industrialization ng 1991, R.A. 7368 Countrywide Industrialization Act of 1992, at R.A. 11981 Tatak Pinoy Act ng 2024.

Malawakan nga ang mga batas na ito na tila "pambansa", pero hindi pang mamamayan. Hindi din sila tunay na industriyalisasyon dahil hindi nila tinutugunan ang isyu na ka-tandem ng industriyalisasyon – ang tunay na reporma sa lupa. Walang tunay na pambansang industriyalisasyon kung hindi ito tutugon sa mga karapatang pang demokratiko at pang ekonomiya ng mga maglulunsad ng industriyalisasyon – ang mga manggagawa. Madami sa industriya ng Pilipinas ay industriya SA Pilipinas, hindi ito industriya NG Pilipinas. Wala tayong mga industryang sariling atin.

Ang pag-iindistriyalisa sa moda ng produksyon sa bansa ay tila nabinbin na sa delusion ng mga malalaking burgesya kumprador na industriyalisadong bansa na ang Pilipinas. Taong 2025 na. 25 taon na mula nang ipinagmayabang ni dating Pangulong Fidel V. Ramos noong 1993 ang pantasyang magiging "newly industrialized country" ang Pilipinas sa taong 2000. Saan napunta ang panaginip ng mga pulitiko't negosyante na maunlad na at industriyalisado ang bansa? Ano ang mukha ng kaunlaran na ito para sa mga manggagawa at sa mamamayang Pilipino?

Silipin natin sa isyung ito ng DATOS.

**Renan U. Ortiz**
**Chairperson ng EILER Board of Trustees**

# Atrasadong Ekonomiya ng Pilipinas at ang mga Hadlang sa Pag-unlad



Larawan mula sa Pinoy Weekly

**Panimula**

Taglay ng bansa ang saganang likas na yaman na nagmumula sa malalawak at matatabang lupain, gayundin sa masaganang kagubatan, karagatan, kabundukan, at iba't ibang anyong-tubig. Sagana ang Pilipinas sa yamang-dagat, mineral, at mga produktong agrikultural na maaaring magsilbing matibay na pundasyon ng pambansang industriyalisasyon. Subalit sa kabila nito, nananatiling hamon kung paano ito mapakikinabangan ng nakararaming mamamayan. Sa kasalukuyan, bansot ang pag-unlad at ang mga benepisyo mula sa mga rekurso ng bansa ay mas madalas napapakinabangan ng iilang makapangyarihan kaysa ng mas nakararami.

Mayaman ang bansa sa rekurso ngunit nananatili ang ekonomiya ng Pilipinas na agraryo , atrasado, at may malapyudal na katangian. Ito ay isang kaayusang pinananatili ng monopolyong kapital ng Estados Unidos sa balangkas ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Direktang nasa ilalim ng kontrol ng malalaking burgesyang komprador, mga panginoong maylupa, at burukratang kapitalista ang pulitika at ekonomiya ng bansa. Ang burgesyang komprador ang pangunahing tagapamagitan ng mga dayuhang monopolyo sa kalakalan, habang sabay na ipinagtatanggol ang sarili nilang interes sa lupa, pagmimina, at pagmamanupaktura. Patuloy na pinangangalagaan ng imperyalistang Estados Unidos ang alyansa nito sa tradisyunal na mga burgesyang komprador, o mga pamilyang may malawak na impluwensya sa burukrasya. Dahil dito, ang mga polisiya at mga programang pang ekonomiya ng bansa ay naglilingkod sa pangangailangan ng mga korporasyong mula sa mga abanteng kapitalistang bansa, habang nananatiling labis na nakaasa sa mga tira-tirang ng parehong mga bansa. Ang mga salik na ito ang patuloy na humahadlang sa pagsasakatuparan ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

**Kalagayan ng Agrikultura sa Pilipinas**

Malaking bahagi ng ekonomiya ng Pilipinas ay umaasa sa sektor ng agrikultura. Noong 1998, sa tinatayang 73 milyong populasyon, higit sa 11 milyong katao ang nagtatrabaho sa agrikultura, at humigit-kumulang 26 porsyento sa kanila ay mga kababaihan. Tinatayang nasa 29 milyong Pilipino ang umaasa sa agrikultura para sa kanilang kabuhayan (Espino & Atienza, 2011). Masasalamin ang pagiging atrasado at underdeveloped ng sektor ng agrikultura sa ilang pangunahing batayan. Ayon sa pinakahuling datos ng Philippine Statistics Authority(PSA) (2025), mababa ang kabuuang bilang ng mga manggagawang kabilang sa sektor. Mula Disyembre 2024 hanggang Enero 2025, ang agrikultura at panggugubat (forestry) ang kabilang sa mga sektor na nagtala ng pinakamalaking pagbagsak sa bilang ng empleyo, na umabot sa 513,000 nawalan ng trabaho. Bukod dito, ang mga manggagawa sa agrikultura, panggugubat, at pangingisda ang tumatanggap ng pinakamababang karaniwang arawang sahod sa bansa, na tinatayang nasa PhP 378 kada araw.

Sa kabuuang land cover ng bansa na 29.59 milyong ektarya, 42.4% o 12.5 milyong ektarya ay taniman o croplands (PSA, 2020). Tinatayang nasa 6.2 milyong ektarya ang pribadong sakahan

at 755,950 ektarya ang minahan sa buong bansa (Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), 2025). Iilang pamilya, korporasyon, at dayuhang kumpanya ang patuloy na humahawak at kumakamkam sa malalawak na lupain sa Pilipinas. Ipinapakita ng talahanayan sa ibaba ang ilan sa mga pangunahing aktor sa patuloy na konsentrasyon ng lupa sa kamay ng iilan (KMP, 2021).

**Table 1.** Pinakakilalang mga pamilya at korporasyon na may pinakamalalaking pagmamay-aring lupain

| Indibidwal, pamilya, o korporasyon | Landholding at lokasyon | Ektarya |
|---|---|---|
| DMCI-Consunji | Trosohan sa Sultan Kudarat | 102,954 |
| Andres Uy | Compostela Valley | 50,000 |
| Yulo | Yulo King Ranch sa Palawan at Hacienda Yulo sa Laguna | 47,100 |
| Ramon Ang | Kabuuang deklaradong ari-arian ng San Miguel Corp. sa buong bansa. Kasama ang energy areas nito sa Compostela Valley, ang Agusan Petroleum and Minerals Corp. sa Davao Oriental, at Talitip Aerotropolis sa Bulacan | 37,307 |
| Dole Philiippines | South Cotabato | 35,433 |
| Del Monte Philippines Pineapple | Bukidnon | 30,000 |
| Aboitiz | Aboitiz Geothermal Powerplant sa Pampanga at Zambales | 29,000 |
| Pamilyang Zobel-Ayala | Deklaradong imbak na lupa ng Ayala Land, mga mall, mga opisina, at iba pang ari-arian sa buong bansa; at Hacienda Zobel sa Batangas | 25,440 |
| Pamilyang Cojuangco | Mga hacienda | 25,046 |
| Sy | Hacienda Looc sa Batangas at 76 malls sa buong bansa | 9,510 |

Sa kabila ng pag-asa ng bansa sa sektor ng agrikultura, patuloy ang pagbaba ng kabuuang lawak ng lupang nakalaan para sa agrikultura. Ayon sa datos ng Bureau on Agricultural Statistics, noong 1989 ay umabot sa 13,147,100 ektarya ang lupang agrikultural. Ngunit pagsapit ng 1998, bumaba ito sa 11,664,600 ektarya. Ito ay isang pagbawas ng humigit-kumulang 1.48 milyong ektarya (Espino & Atienza, 2011). Noong 1991, may 10 milyong ektarya ng pribadong lupang sakahan sa bansa. Ngunit patuloy ang pagliit ng lupaing pang-sakahan. Pagsapit ng 2022, bumaba ito sa 6.2 milyong ektarya. Ito katumbas ng 38% na pagliit sa loob ng tatlong dekada(KMP, 2025).

Ang pagliit ng lupaing pangsakahan ay dulot ng patuloy na pagpapalit gamit o land use conversion ng mga lupa. Sa kalunsuran, naging laganap ang pagpapalit gamit ng lupang pang-agrikultura para sa pagpapaunlad ng real estate, partikular sa mga lugar na malapit sa Maynila at iba pang sentro ng kalunsuran. Mabilis na lumitaw ang mga eksklusibong subdivision, matataas na condominium, at parehong mura at relokasyon na mga proyekto sa pabahay. Nagsimula rin ang pagpapatayo ng mga komersyal na imprastraktura tulad ng SM Supermalls noong 1985. Sa pagpasok ng 2000s, umusbong ang pagtatayo ng mga gusali para sa dayuhang business process outsourcing (BPO) firms at Philippine Offshore Gaming Operators (POGOs). Nagsimula na rin ang pagtatayo ng mga "smart cities" sa bansa. Habang sa kanayunan naman, lumiit ang mga eryang sakahan para sa mga pananim na

pangkain tulad ng mais at palay. Ang mga sakahan ng mais ay lumiit mula sa 3.7 milyong ektarya noong 1989 tungo sa 2.5 milyong ektarya na lang nitong 2018. Kasabay nito, patuloy ang paglawak ng mga sakahang pinagtatamnan ng produktong pang eksport tulad ng niyog, goma, pinya, oil palm, at cacao (KMP, 2025).

Mas binibigyang prayoridad ang pagpapaunlad ng mga sakahang nakatuon sa pagtatanim ng produktong pang-eksport, habang napag-iiwanan naman ang mga sakahang nagsusustento sa pangangailangan ng mamamayan. Karaniwang iisang uri ng pananim lamang ang nililinang taon-taon upang makamit ang mas mataas na ani pang-eksport. Gayunpaman, ang ganitong sistema ay nagdudulot ng mas mabilis na pagkalat ng sakit at peste dahil sa kakulangan ng biodiversity. Bukod dito, naaapektuhan din ang natural na balanse ng lupa, sapagkat nauubos ang mahahalagang sustansya bunga ng paulit-ulit na pagtatanim ng parehong pananim (Earth Observing System, 2025). Patuloy rin ang pag-angkat ng bigas at mais upang matugunan ang pangangailangan ng lumalaking populasyon. Makikita na ang pagpapalit-gamit ng lupa ay ginagamit ng ilang panginoong maylupa at komprador upang kumita, sa halip na tugunan ang pangangailangang pang-agrikultura ng bansa. Dagdag pa rito, mahihirapan nang taniman muli ang mga sakahan dahil sa negatibong epekto ng monocropping. Ang ganitong kalakaran ay lalo pang nagpapalalim sa monopolyo at kontrol ng lupa ng iilan.

Ayon naman sa World Wildlife Fund (2010), ang bansa ay pangatlo sa usapin ng marine biodiversity at itinuturing na bahagi ng Coral Triangle. Malaki ang potensyal ng rekurso na makukuha mula sa yamang tubig ng bansa. Sa katunayan, ang 0.745 million metric tons aquaculture production ng Pilipinas ng isda, crustaceans at mollusks noong 2010 ay nasa ika-10 sa mundo (Bureau of Fisheries and Aquatic Resources, 2011).

> *"Mas binibigyang prayoridad ang pagpapaunlad ng mga sakahang nakatuon sa pagtatanim ng produktong pang-eksport, habang napag-iiwanan naman ang mga sakahang nagsusustento sa pangangailangan ng mamamayan."*

Tinatayang may 58.1 bilyong metrikong tonelada ng reserbang mineral sa bansa. Ika-3 ang bansa sa produksyon ng ginto, ika-4 sa tanso, ika-5 sa nickel, at ika-6 sa chromite sa mundo (AGHAM, n.d.). Bagama't ang Pilipinas ay mayaman sa yamang mineral, ang mga aktibidad sa pagmimina ay bumubuo lamang ng isang maliit na bahagi ng GDP at nag-eempleyo ng mas maliit na bahagi ng populasyon (Hernandez, C.G., Borlaza, G.C., Cullinane, M, 2025.).

Batay sa ulat ng Labor Force Survey noong Mayo 2025, tinatayang 52.32 milyong Pilipino na may edad 15 pataas ang kabilang sa labor force. Sa bilang na ito, 50.29 milyon ang may trabaho. Sa kabuuang bilang ng mga manggagawa, ang sektor ng serbisyo ang may pinakamalaking bahagi ng empleyo na may 61.8%, sinundan ng sektor ng agrikultura na may 21.1%, at sektor ng industriya na may 17.1% (PSA, 2025).

Ang dumaraming bilang ng mga manggagawa sa sektor ng serbisyo ay kadalasang binubuo ng mga pribadong manggagawa sa kalakalan gaya ng mga tindero sa kalsada, naglalako, at mga nagmamay-ari ng sari-sari store, pati na rin ang mga nasa komunidad at "personal na serbisyo" tulad ng mga parlor, kainan, at mga pagawaan. Madalas, ang mga manggagawang ito ay hindi regular na bahagi ng pormal na pasahod, at marami sa kanila ay may kaunting kagamitan o puhunan para sa maliitang sariling produksyon. Sa kanayunan, malaking bahagi ng mga manggagawang ito ay mga magsasaka na nagsa-sideline upang madagdagan ang kanilang kabuhayan sa panahon na walang trabaho sa sakahan (Quintos, 2008).

**Ang mga Sumasagka sa Pagtataguyod ng Industriyalisasyon sa Pilipinas**

Nananatiling agraryo, atrasado, at pre-industriyal ang batayang produksyon sa Pilipinas. Bagamat bumaba ang ambag ng agrikultura sa gross domestic product, hindi ito napunan ng sektor ng industriya.

Sa halip, ang sektor ng serbisyo ang siyang mabilis na lumago, habang nanatiling matamlay at hindi umuunlad ang industriya.

Gayundin, masasabi na malapyudal ang ekonomiya sapagkat ang karamihan sa sektor ng agrikultura, industriya, at serbisyo ay nakadepende pa rin sa imported na capital at goods tulad ng makinarya, gasolina, at mga input habang walang naitatayo na baseng industriyal na lokal at self-sustaining. Ang pangunahing export goods ng bansa ay electronic products tulad ng semiconductors, iba pang manufactured goods, mineral products, coconut oil, machinery at transport equipment, ginto, at prutas tulad ng saging at pinya.

**Table 2.** Mga Pag-aangkat ng Pilipinas Batay sa Pangunahing Uri ng Kalakal: Abril 2025

| Pangunahing Uri ng Kalakal | FOB Value in million USD | Percent Share (%) |
|---|---|---|
| **Kabuuang Inangkat** | **10,241.09** | **100** |
| Kagamitang Pangkapital | 3,277.47 | 32 |
| Hilaw na Materyales at Panggitnang Kalakal | 3,669.92 | 35.8 |
| Mineral na Panggatong, Pampadulas, at mga Kaugnay na Materyales | 1,081.22 | 10.6 |
| Kalakal para sa Mamimili | 2,172.27 | 21.2 |
| Espesyal na Transaksyon | 40.21 | 0.4 |

Sa kasalukuyan, ang mga eksport na hindi nakabatay sa hilaw na materyales ay kadalasang limitado lamang sa assembly ng mga piyesa at sangkap na gawa sa ibang bansa. Wala ring tunay na lokal na industriya, kahit sa paggawa ng bakal. Ang ginagawa lamang ay ang paghubog o pagpoproseso ng mga imported na metal plates, tubes, at rods. Lahat ng umiiral na semi-manufacturing o processing operations sa bansa ay kontrolado ng mga dayuhang kumpanya, at pangunahing nakatuon sa pag-eeksport para sa global production chains ng mga multinational corporations. Ilan sa mga kompanya na ito ay ang Texas Instruements, Analog Devices Philippines, ON semiconductor Philippines, at Nexperia Philippines, Inc. Hiwalay ang ganitong tipo ng produksyon sa pambansang ekonomiya, kaya't hindi nito matutugunan ang pangangailangan para sa tunay na pambansang industriyalisasyon

**Table 3.** Top 10 Pag-aangkat ng Pilipinas Ayon sa Pangkat ng Kalakal: Enero hanggang Abril, 2025

| Commodity Groups | FOB Value in million USD |
|---|---|
| **Kabuuang Paglabas ng Produkto** | **26,872.43** |
| Mga Produktong Elektroniko | 13,950.89 |
| Iba pang Gawang Kalakal | 2,974.51 |
| Iba pang Produktong Mineral | 1,034.82 |
| Langis ng Niyog | 973.08 |
| Makinarya at Kagamitang Pantransportasyon | 920.65 |
| Wiring Set para sa Pagsindi at Iba Pang Wiring Set na Ginagamit sa Sasakyan, Eroplano, at Barko | 826.79 |
| Mga Kemikal | 620.08 |
| Ginto | 529.69 |
| Saging (Sariwa) | 492.73 |
| Mga Bahaging Gawa sa Metal | 338.55 |

Kasabay nito, ang Pilipinas ay nagluluwas ng murang hilaw na materyales tulad ng mga pananim na pang-agrikultura, mineral ores, at lakas paggawa. Ang mga eksport na ito ay hindi sapat at nagpapatuloy ang pangmatagalan at lumalagong depisit sa kalakalan. Noong Abril 2025, nagkaroon ng trade deficit ang

Pilipinas na USD 3.49 bilyon, ibig sabihin ay mas marami itong na-import kaysa sa na-export nito (PSA, 2025). Ang malaking surplus sa pag-angkat ng mga produkto ay maaring makapagpapababa rin ng empleyo, lalo na sa mga industriya na nahaharap sa matinding kompetisyon mula sa mga dayuhang prodyuser.

## Konklusyon

Sa kabila ng saganang likas na yaman sa lupa, dagat, mineral, at enerhiya at ng malawak na yamang-tao, hindi pa rin lubos na napapakinabangan ang mga ito para sa pambansang kaunlaran. Patuloy ang dominasyon ng dayuhan at lokal na naghaharing-uri sa mga yaman ng bansa kung saan iilan lamang ang nakikinabang habang nananatiling atrasado ang agrikultura, nasa krisis ang industriya, at napag-iiwanan ang maliliit na manggagawa at magsasaka. Malinaw na ang tunay na pag-unlad ay nakasalalay sa pagbuwag sa mga istrukturang mapang-api at sa pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

**Mga Sanggunian**


Agham – Advocates of Science and Technology for the People. (n.d.). Primer on national industrialization (full text Filipino) [SlideShare slides]. SlideShare. https://www.slideshare.net/slideshow/primer-on-national-industrialization-full-text-filipino/72802702

Espino & Atienza. (2011). Crop diversification in the asia-pacific region 2001/03 https://coin.fao.org/coin-static/cms/media/9/13171763115260/2001_03_high.pdf

Hernandez, C.G., Borlaza, G.C., Cullinane, M. (2025). Philippines. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/place/Philippines

Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. (2025). Pagpapalit-gamit sa lupa para sa pagpapalayas at pangangamkam. https://peasantmovementph.com/primers/

Philippine Statistics Authority (PSA). (2025). International Merchandise Trade Statistics of the Philippines, April 2025 (Preliminary). https://psa.gov.ph/statistics/export-import/monthly

Philippine Statistics Authority (PSA). (2025). May 2025 Labor Force Survey. Retrieved: https://psa.gov.ph/statistics/labor-force-survey

Philippine Statistics Authority (PSA). (2024). November 2024 Labo r Force Survey. Retrieved: https://psa.gov.ph/statistics/labor-force-survey

Quintos, P. (2008). A Race to the Bottom: Laboring under Imperialist Globalization in the Philippines. Ecumenical Institute for Labor Education and Research, Manila.

Sison, J. (2020). SEMIFEUDALISM IN THE PHILIPPINES. https://peasantmovementph.com/2020/10/03/semifeudalism-in-the-philippines-by-prof-jose-maria-sison/

Terence, J. (2021). Sitwasyon sa Hacienda Luisita. https://pinoyweekly.org/2021/12/sitwasyon-sa-hacienda-luisita/

World Wildlife Fund. (2010). A Biodiversity Hotspot in the Philippines. Retrieved from https://www.worldwildlife.org/blogs/good-nature-travelposts/a-biodiversity-hotspot-in-the-philippines




Larawan mula sa Pinoy Weekly







Larawan mula sa Mayday Multimedia

# Pambansang industriyalisasyon:
## kabuluhan, programa, at papel ng uring manggagawa

Nabanggit sa sinundang artikulo na ang makadayuhang oryentasyon ng ekonomiya ng bansa ang pangunahing sagka sa isang industriyalisadong Pilipinas. Sa pakikipagsabwatan ng mga lokal na malalaking komprador at burukrata kapitalista, napanatili ang mala-pyudal na katangian ng bansa sa nagdaang isang siglo.

Ang atrasadong ekonomiya ay nagdulot ng hikahos na kalagayan ng mamamayan, higit lalo sa milyun-milyong manggagawa at magsasaka na sadlak sa matinding kahirapan. Kung gayon, nasa interes ng mamamayang Pilipino na makaigpaw mula sa atrasadong katayuan ng ating ekonomiya patungo sa isang industriyalisado at maka-mamamayang anyo nito.

Mula dekada 60's, sumibol ang kilusan ng masang manggagawa, magsasaka, at kabataan na nagsusulong ng pagbabagong panlipunan at pagkawala mula sa tanikala ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo. Sa larangan ng ekonomiya, tinataguyod ng kilusang ito ang pambansang industriyalisasyon kasabay ang tunay na repormang agraryo. Halaw sa karanasan ng mga dating sosyalistang bansang Tsina at Unyong Sobyet, ang pambansang industriyalisasyon ay programa at proseso na tumatanaw sa isang ekonomiyang nakaasa sa sarili (self-reliant).

> *"... nasa interes ng mamamayang Pilipino na makaigpaw mula sa atrasadong katayuan ng ating ekonomiya patungo sa isang industriyalisado at maka-mamamayang anyo nito"*

Ang industriyalisasyon ay kumprehensibong pagtatatag at pagpapaunlad ng lahat ng antas ng industriya. Ang pambansang katangian nito ay makikita sa pagkalas mula sa kontrol ng dayuhang monopolyo kapitalismo. Hindi pagkamal ng tubo ang tunguhin ng pagpapaunlad sa industriya kundi matiyak na matugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan ng bansa.

Sa programa nito, tinitiyak ang balansyadong paglago ng buong ekonomiya. Ang agrikultura ang magsisilbing base ng ekonomiya sapagkat ito ang lilikha ng mga hilaw na materyales na siya namang gagamitin sa produksyong industriyal. Gayundin, sa agrikultura magmumula ang mga batayang pangangailangan ng mamamayan sa pagkain at iba pang produktong pangkonsumer at pangprodyuser. Upang mapaunlad ang agrikultura, mayor na programa ng pambansang industriyalisasyon ang repormang agraryo. Pangunahin sa repormang ito ang pagbuwag sa mga hacienda at dambuhalang agro-kapitalistang sakahan at pagpapamahagi nito sa mga maliliit na magsasaka. Dinidiinan din nito ang suportang pinansyal at teknolohikal sa mga magsasaka at kanilang mga asosasyon at kooperatiba upang mapataas ang kanilang produktibidad at kasanayan.

Sa aspeto ng produksyong industriyal, ang industriyang mabibigat at may mataas ng teknolohiya ay mabilis na pauunlarin upang maging nangungunang salik sa komprehensibo at balansyadong pag-unlad ng ekonomiya. Ang programa ng pambansang industriyalisasyon ay may partikular na diin sa pagtatayo ng

mga empresang lilikha ng base metals (tulad ng bakal, tingga, tanso atbp.), batayang kemikal, petrokemikal, gamot, makinarya, precision instruments, elektroniks, at durableng produktong pangkonsyumer. Ang mga nabanggit ay mahalaga sa pagsustini sa pangmatagalan na paglikha ng mga produktong pangkonsumer at pangprodyuser sa kanayunan (hal. makinarya at ekwipong pansakahan, at mga bodega at pasilidad pamproseso matapos ang ani).
Sa kabilang panig, ang mga industriyang magaan at midyum ang tagapag-ugnay na salik na lilikha ng mga batayang produktong pangkonsumer at produktong pamprodyuser tulad ng input sa pagsasaka (agricultural inputs), kasangkapan, at magaan na makinaryang kinakailangan ng sektor pang-agrikultura.

Ang industriyang magaan ay isasailalim sa reoryentasyon mula sa oryentasyong pang-eksport at mababa ang dagdag na halaga (value-added) tungo sa oryentasyong makatugon sa mga batayang pangangailangan ng mamamayan at lokal na produksyon. Sa ganitong gana, binibigyang prayoridad sa pambansang industriyalisasyon ang pagpoproseso ng mga butil at cereal (grains and cereals), prutas at gulay, karne at manok, aquaculture at pangisdaan, inumin at produktong gatas (beverages and dairy products), damit at sapatos, at pangmasang pabahay. Ang sapat na suplay ng mga pangunahing pangangailangan ng mamamayan ay makaeengganyo ng tuluy-tuloy na pagsuporta ng buong sambayanan sa programa ng pambansang industriyalisasyon. Pangunahing suliranin na tinutugunan ng pambansang industriyalisasyon ay pagkalas sa imperyalistang kontrol sa lokal na ekonomiya. Sa ganitong diwa, ang mga pamumuhunang dayuhan at pribado na pahihintulutan ay nasa oryentasyong makapagsisilbi sa tunguhin ng pambansang industriyalisasyon.

Sa partikular, ang direktang pamumuhunan ng mga dayuhan sa estratehikong mga industriya ay isasailalim sa ekspropriyasyon at isasabansa. Ang mga estratehikong industriya ay gayong mga industriya, kumpanya, at empresa na may mga produkto at serbisyong malawakan at matindi ang epekto sa buhay pang-ekonomya kung kaya kritikal sa maayos na pagtakbo ng ekonomya, pambansang pagpapaunlad at soberanya sa ekonomya. Kabilang, ngunit di limitado, sa mga industriyang ito ang mga sumusunod: a) pampublikong yutilidad sa enerhiya, tubig at sanitasyon, pangmasang transportasyon, telekomunikasyon at serbisyong koreyo (postal services); b) pakyawan (whosesale) at panlabas na kalakalan; at c) pagmimina, quarrying at pagpoproseso ng mga mineral.

Ang dayuhang pamumuhunan ay pahihintulutan kung sila ay sasang-ayon sa nangungunang papel ng pampublikong sektor at Pilipinong mamumuhunan gayundin ang pagsasalin ng teknolohiya (technology transfer) matapos ang makatwirang panahon. Ang naturang pamumuhunan ay sasailalim sa istriktong regulasyon at di-lalampas sa 40 porsyento ang dayuhang sapi sa anumang empresa. Ang katulad na probisyon ay makikita sa Artikulo XII ng 1987 Saligang Batas patungkol sa limitasyon sa dayuhang pamumuhunan sa ilang susing aktibidad pang-ekonomiya.

Sa kabilang panig, ang mga kooperatiba ng mga mala-manggagawa, manggagawa, magsasaka, maliliit at midyum na nagmamanupaktura ay bibigyan ng mga suporta at insentiba upang aktibong makibahagi sa produksyon.

> *"Ang industriyang magaan ay isasailalim sa reoryentasyon mula sa oryentasyong pang-eksport at mababa ang dagdag na halaga (value-added) tungo sa oryentasyong makatugon sa mga batayang pangangailangan ng mamamayan at lokal na produksyon."*


Dahil nakapatungkol ang pambansang industriyalisasyon sa pagpapaunlad ng buong bayan at hindi sa pagpapalaki ng tubo, bahagi sa plano nito ang rehiyunal na integrasyon kung saan palalaganapin sa iba't ibang rehiyon ang mga industriya. Sa kasalukuyan, konsentrado sa mga probinsya't rehiyon na nakapalibot sa Pambansang Punong Rehiyon (NCR) ang industriyal na produksyon. Ang pagtatayo ng economic zones sa ilang piling mga lugar sa bansa ay nagpapalala sa di-pagkakapantay-pantay na ito.

Mahalagang rekisito sa pagpapatupad ng pambansang industriyalisasyon ang pagpapaunlad sa kalagayan ng siyensya at teknolohiya sa bansa. Bilang ang industriyang teknolohikal ay kontrolado ng dayuhang monopolyo, minamarapat nito ang pagpapatupad ng mga hakbang upang makapangibabaw sa ganitong kalagayan tulad ng mas agresibong gamit ng obligadong paglilisensya (compulsory licensing), paggigiit ng mas maikling epektibidad ng mga patent, pagpapababa sa licensing royalties, at iba pa upang suportahan ang pagsasalin ng teknolohiya at hikayatin ang pangmatagalang pag-unlad ng teknolohiya. Dagdag pa rito, kinakailangan ang pagbubuhos ng rekurso sa pananaliksik at mga reporma sa edukasyon.

Bilang pagkilala sa matinding epekto ng industriyalisasyon sa kapaligiran, titiyakin ang balansyadong gamit, konserbasyon, at pagpapaunlad sa kapaligiran. Ilan sa mga programa sa konserbasyon ng kapaligiran ay ang sumusunod: una, ipagbabawal ang mga mapaminsalang aktibidad tulad ng walang pakundangang pagpapatag ng lupa, walang pakundangang open-pit mining at quarrying, malawakang reklamasyon, at produksyon ng iisang uri ng tanim na pang-eksport. Pangalawa, oobligahin ang mga kumpanya na maglaan ng cash bonds bilang paniyak sa bawat pagmumulan ng polusyon o sakuna. Pangatlo, oobligahin din ang mga kompanya na magsagawa ng rehabilitasyon sa mga nagambalang erya nito.

Dahil ang pambansang industriyalisasyon ay bumabasag sa dayuhan at pribadong akumulasyon ng tubo, ang nalilikha at kinikita ng mga empresa ay nagiging yaman ng estado at sambayanan. Nireresolba nito ang kiskisan sa pagitan ng interes para sa papapalaking tubo at panawagan sa nakabubuhay na sahod, pabor sa huli. Gayundin, ang tunguhin na itayo ang mga lokal na industriya ay dudulo sa dagdag na mga trabaho na kukupkop sa mga manggagawang nawawalan ng trabaho o natutulak sa impormal na paggawa sa dahil sa bansot na industriya sa kasalakuyan.

Ang pagsusulong para sa pambansang industriyalisasyon, bagamat pumapatungkol sa isang planong pang-ekonomiya, ay mahigpit na nakakawing sa pulitikal na pakikibaka



ng mga manggagawa at sambayanan. Ang pagsasakatuparan nito ay nangangailangan ng pagbabago hindi lamang sa mga susing polisiya ng pamahalaan ngunit sa mismong oryentasyon ng buong lipunan.

Sa mahabang panahon, ang pamahalaan ay kinapapalooban ng mga panginoong-maylupa, komprador, at mga burukrata-kapitalista na may malalim na ugnayan sa mga malalaking korporasyon, kapwa lokal at dayuhan. Gayundin, nakatali ang ating polisiyang pang-ekonomiya sa dikta ng mga imperyalista, pangunahin sa Estados Unidos, na napanatili sa pamamagitan ng mga pautang, pamumuhunan, at ayudang militar. Magkagayon, ang pagsasakatuparan ng pambansang industriyalisasyon ay ibubunga ng lahatang-panig na pagsusulong ng mamamayan para sa tunay na kalayaan at demokrasya kung saan malaya ang ating bayan sa tanikala ng dayuhang dominasyon, ang ating pamahalaan ay naglilingkod sa interes ng nakararami, at ang ekonomiya ay nakadiresyon para tugunan ang pangangailangan ng mamamayan ng bansa at hindi sa pagpapalaki ng tubo.

Mula rito, mahalaga at namumuno ang papel ng mga manggagawa. Bilang pangunahing pwersa sa produksyong industriyal, ang uring manggagawa ang may pangunahing interes upang isulong ang pambansang industriyalisasyon. Sila rin, kasama ang mga magsasaka, ang pinakapinagsasamantalahan at naghihirap sa isang atrasado at pre-industrial na ekonomiya. Ang karanasan ng mga dating sosyalistang bayan ng Tsina at Unyong Sobyet, pawang nagpatupad ng repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon, ay nagpakita na sa pamumuno ng uring manggagawa, sa maghipit na pakikipagkaisa sa mga magsasaka, ay maisasakatuparan ang mga rekisito sa pagtatayo ng isang ekonomiya na nakakaasa sa sarili.


**Mga Sanggunian**

Advocates of Science and Technology for the People. (Undated). Praymer Hinggil sa Pambansang Industriyalisasyon.

Article XII. 1987 Philippine Constitution.

NDFP Reciprocal Working Committee on Social and Economic Reforms. (2017). Borador na Komprehensibong Kasunduan Hinggil sa mga Repormang Panlipunan at Pang-Ekonomya (Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms o

CASER) ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).



Graphics mula sa Pixabay

**Walang Dapat Masunog Kundi ang Patakaran**
ni Maki Mercolita
Hango sa trahedya ng Kentex, Mayo 2015

Sa pabrika ng sapin sa paa,
nagliliyab ang pawis ng dukha.
Hindi apoy ng produksyong dumaragsa,
kundi ningas ng kasakiman at sadyâ.

May pasok kahit walang kaligtasan,
sweldo’y butil, panganib ay kabundukan.
Kontrata’y tanikala ng kahirapan,
karapatan ay nilamon ng pirma sa kasunduan.

Pitumpu’t apat ang opisyal na bilang,
ngunit higit pa ang abong nilimot ng kasakiman.
Hanggang ngayo’y tahimik ang may sala,
gobyerno’t may-ari, muling nagtago sa dilim
.


Sa pinto ng Kentex, may bakal na rehas,
pero wala ni isang daan palabas,
nang magliyab ang huling hininga,
naging abo ang mga ginapos ng utos at quota.

At tayo’y patuloy na nagluluksa,
hindi lang sa mga namatay, kundi sa paulit-ulit na parusa.
Sa bawat kontraktwal na pinipilit mabuhay,
dala’y panganib at dignidad na naagnas sa trabaho.

Hindi manggagawa ang dapat masunog,
kundi ang patakaran ng pagsasamantala;
ang kontraktwalisasyon,
ang gutom na sahod,
ang trabahong walang kasiguruhan,
ang gobyernong nagbibingi-bingihan.

Hangga’t may pabrika ng pagkait,
maglalagablab ang ating tinig.
Sa ngalan ng mga nasunog na buhay,
itatanghal namin ang hustisyang tunay.

At sa dulo ng abo’t alab ng protesta,
sisibol din ang tagumpay ng masa,
ang karit at maso ang magtatakda.




Litrato kuha ni Pher Pasyon
para sa PinoyWeekly



***Pwersa sa produksyon A/P***
(1995)
Leonilo Doloricon

Imahe ng likhang sining ni Prop. Neil Doloricon mula sa National Fine Arts Collection ng National Museum of the Philippines.

Si Prof. Leonilo Doloricon o Neil (1957-2021) ay isa sa mga pinakatanyag na social realist, editorial cartoonist, pintor, iskultor, edukador at naging dekano ng University of the Philippines College of Fine Arts. Dating organisador ng mga manggagawa sa Kamaynilaan si Neil. Isa si “Sir Neil” sa pinakamatagal na nanungkulan bilang board member ng EILER. Tumanggap siya ng Gawad para sa Sining Biswal mula sa Cultural Center of the Philippines at ng Fernando Amorsolo and Guillermo Tolentino Professorial Chairs sa UP CFA. Siya ay miyembro ng UP Artists’ Circle Fraternity, na nagbansag sa kanya bilang “isa sa mga haligi ng Social Realism movement sa Philippine art scene na sikat sa kanyang mga painting, mural, at relief prints na naglalarawan sa mga pakikibaka ng masa.”

*Isinalin ni Rochelle Porras sa wikang Filipino.


# Ang Papel ng MSMEs sa Pambansang Industriyalisasyon sa Pilipinas

Sa taong 2023, ang Micro, Small, at Medium Enterprises (MSMEs) ay bumubuo ng 99.63% ng kabuuang 1,246,373 rehistradong negosyo sa Pilipinas (Department of Trade and Industry [DTI], n.d.). Sa kabila ng kanilang limitadong kapital, kinikilala ang MSMEs bilang gulugod ng ekonomiya, lalo na sa mga lalawigan at kanayunan, sapagkat sila ay lumilikha ng humigit-kumulang 6,351,466 milyong trabaho (Philippine Statistics Authority [PSA], 2024). Mahalaga ang kanilang papel sa pagtugon sa batayang pangangailangan, paglikha ng hanapbuhay, pagpapalakas ng lokal na produksiyon, at pagpapaunlad ng teknolohiya at pamamaraan. Dahil dito, lumilitaw ang potensyal ng MSMEs bilang mahalagang katuwang sa mas malawak na layunin ng pambansang kaunlaran. Isa sa mga kritikal na hakbang tungo rito sa pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon, na isang estratehikong proseso upang mapalakas ang sariling kakayahan sa pagmamanupaktura, agrikultura, at teknolohiya. Sa kontekstong ito, mahalagang tanong: ano ang papel ng MSMEs sa pagsusulong ng pambansang industriyalisasyon sa Pilipinas?

### Papel ng MSMEs sa Ekonomiya

Ayon sa isang ulat, malaki ang kontribusyon ng mga Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs) sa pag-unlad ng ekonomiya ng Pilipinas. Una, itinuturing silang pangunahing tagalikha ng trabaho sa bansa. Dahil sa malawak na distribusyon ng mga MSME, nagbibigay ang mga ito ng kabuhayan sa milyon-milyong Pilipino sa iba't ibang rehiyon. Bukod dito, gumagawa ang mga maliliit na negosyong ito ng mga lokal na produkto at serbisyo na direktang tumutugon sa pangangailangan ng mga komunidad, na nagreresulta sa pagpapalago ng lokal na produksiyon at paglikha ng mga makabagong produkto at serbisyo. Sa kabuuan, humigit-kumulang na 36 hanggang 40 na porsyento ng kabuuang halaga ng produksiyon o Gross Domestic Product (GDP) ay nagmumula sa sektor ng MSME, habang tinatayang nasa 25 na porsyento ng kabuuang inilalabas ng Pilipinas ay mga produktong nilikha ng mga MSME. Dahil dito, kilala ang sektor bilang "backbone" ng pambansang ekonomiya ng bansa. (Business World, 2022).

**Pigura 1**
Pagkakahati ng mga MSME batay sa uri ng Industriya




Batay sa datos ng PSA (2024), ang mga MSMEs ay nakakalat sa iba't ibang sektor ng ekonomiya, ngunit karamihan sa kanila ay nakapokus sa ilang pangunahing industriya. Pinakamalaki ang bilang ng MSMEs sa sektor ng Wholesale and Retail Trade; Repair of Motor Vehicles and Motorcycles, na may 604,313 na establisimyento. Sumusunod dito ang Accommodation and

Food Service Activities na may 190,899, at ang Manufacturing na may 140,180. Makikita rin ang malaking presensya ng MSMEs sa sektor ng Other Service Activities tulad ng personal services at laundry (87,197), at sa Financial and Insurance Activities (52,924).

Ang sektor ng Wholesale and Retail Trade ang may pinakamalaking ambag sa employment ng MSMEs, na may mahigit 2.39 milyong manggagawa, habang ang Accommodation and Food Services ay may halos 947,000, at ang Manufacturing ay may mahigit 814,000. Sa kabila ng mas kaunting bilang ng negosyo, ang sektor ng Financial and Insurance Activities ay may mataas ding employment na nasa 336,161, na nagpapakita ng mataas na productivity at kapital sa sektor na ito. Ang Administrative and Support Services, na may 17,401 MSMEs, ay may 198,361 na manggagawa, samantalang sa kabilang dako, ang mga sektor gaya ng Mining and Quarrying, Utilities, at Agrikultura ay may kakaunting MSMEs at mas maliit na bahagi sa employment. Gayunpaman, patuloy na lumalawak ang papel ng mga MSME sa iba't ibang sektor ng ekonomiya, kaya't nararapat silang suportahan upang higit pang mapalakas ang kanilang ambag sa paglikha ng hanapbuhay at sa pagpapaunlad ng lokal na ekonomiya.

**Hamon na Kinakaharap ng MSMEs**

Maraming maliliit na negosyo ang nahihirapang makakuha ng pautang mula sa mga bangko dahil sa kawalan ng kolateral o maikling kasaysayan ng kredito. Batay sa datos noong 2023, 4.1% lamang ng kabuuang pautang mula sa mga bangko ang napupunta sa MSMEs. Dahil dito, marami pa rin sa mga MSMEs ang umaasa sa sariling ipon o pautang mula sa mga kamag-anak, na nagiging hadlang sa kanilang paglago at paglawak (De Vera, 2024).

*"Kinikilala ang MSMEs bilang gulugod ng ekonomiya, lalo na sa mga lalawigan at kanayunan, sapagkat sila ay lumilikha ng humigit-kumulang 6,351,466 milyong trabaho."*

Batay sa pananaliksik ng Philexport Cebu (2019), isa pang malaking hamon ang mabigat na regulasyon at kakulangan ng suporta sa polisiya. Sa halip na mapalago ang negosyo, inuubos ng masalimuot na proseso mula sa pagkuha ng permit, pagbabayad ng buwis, at pagsunod sa mga patakarang pangkulusugan at pangkaligtasan ang kanilang oras at puhunan. Habang nalulunod sa mga rekisitos ang maliliit na negosyo, mas madaling namang nakakakilos ang malalaking kumpanya at multinational corporations (MNCs) dahil madalas ay pabor sa kanila ang mga regulasyon at insentibong ibinibigay ng pamahalaan.

Bilang karagdagan, matindi rin ang kompetisyong kinakaharap ng mga MSMEs mula sa malalaking negosyo at mga multinasyonal na korporasyon. Bunsod ng patuloy na globalisasyon at liberalisasyon ng kalakalan, malayang nakapapasok sa lokal na pamilihan ang mga dayuhang produkto at serbisyo mula sa mga kompanyang may malawak na kapital, makabagong teknolohiya, at matibay na pagkilala ng brand sa pandaigdigang merkado. Sa ganitong kalakaran, nalulugmok ang MSMEs sa hindi patas na kumpetisyon at nalalagay sa panganib ang kanilang kakayahang makapagpatuloy sa operasyon. Ang ganitong sitwasyon ay nagpapalalim sa umiiral na monopolyo at dayuhang kontrol sa merkado, na nagiging pangunahing hadlang sa paglago at pagsasabansa ng lokal na ekonomiya. Dahil dito, lalong nawawalan ng espasyo ang mga lokal na negosyante upang lumago, lumaban,

at makapag-ambag nang makabuluhan sa pambansang kaunlaran.

**Konsepto ng MSMEs sa Pambansang Industriyalisasyon**

Ang mga Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs) ay may mahalagang papel sa pagsusulong ng tunay na pambansang industriyalisasyon. Kinikilala ang MSMEs bilang mga lokal na produktibong pwersa na dapat buuin, palakasin, at ikonsolida upang maging katuwang ng sambayanan sa pagtatayo ng malaya at makatarungang ekonomiya. Ang MSMEs, mula sa micro hanggang sa medium na empresa, ay pundamental sa pagbuhay ng indutriya ng bansa, sa pagbibigay ng trabaho sa masang anakpawis, at sa paglalaan ng batayang produkto at serbisyo para sa mamamayan.

Sa harap ng dominasyon ng dayuhang kapital, malalaking kumprador, at burukratang kapitalista, ang MSMEs ay maaaring magsilbing tunay na alternatibo sa pamamagitan ng pagtataguyod ng lokal at makabayang produksyon na nakaugat sa interes ng sambayanan. Maaari silang maging batayang yunit ng industriyalisasyong pambansa sa pamamagitan ng paggamit ng likas na yaman, teknolohiya, at lakas-paggawa na nagsusulong kapakanan ng mas nakararami. Sa pamamagitan ng sapat na suporta ng estado, maaaring paunlarin ang MSMEs upang maging mahalagang bahagi ng ugnayan sa pagitan ng agrikultura at industriya. Maaari silang maglaan ng mga pangunahing pangangailangan para sa sakahan at gumawa ng kasangkapan at kagamitang sumusuporta sa lokal na produksyon. Mahalaga rin ang kanilang papel sa pagpapaunlad ng mga lokal na pamilihan at kabuhayang makatutulong sa pag-angat ng pamumuhay ng karaniwang mamamayan.

Gayunpaman, hindi lahat ng MSMEs ay kaalyado ng layunin para sa makatarungang kaunlaran. Dapat itakwil at labanan ang mga negosyong nagsisilbing kasangkapan ng dayuhang interes, partikular yaong nagsisilbi lamang bilang harapang anyo ng malalaking korporasyong banyaga. Ang mga MSMEs na nagpapatibay sa sistemang eksport-import, nagsasamantala sa lakas-paggawa, at nakikilahok sa mga kartel at monopolyo ay nagsisilbing balakid sa tunay na pag-unlad. Sa halip na interes ng sambayanan, nagiging bahagi sila ng umiiral

> *"Sa ilalim ng pamumuno ng isang progresibo at makamasang pamahalaan, kinakailangang buuin at paunlarin ang mga MSMEs na may malinaw na layuning nakatungtong sa interes ng sambayanan. "*



na mapagsamantalang sistema. Kaya naman, ang ganitong uri ng negosyo ay kailangang i-reoryenta ang direksyon o, kung kinakailangan, ay tuluyang buwagin upang itaguyod ang industriyalisasyong makabayan at demokratiko.

Sa ganitong konteksto, mahalagang maging malinaw na ang MSMEs ay hindi isang neutral na pwersa sa ekonomiya. Dahil maaari din silang magsilbing instrumento ng imperyalismo kung hindi mapapaandar ayon sa interes ng mamamayan. Sa kabilang banda, may potensyal din silang maging katuwang sa paghubog ng isang ekonomiyang makatao at makabansa. Samakatuwid, sa ilalim ng pamumuno ng isang progresibo at makamasang pamahalaan, kinakailangang buuin at paunlarin ang mga MSMEs na may malinaw na layuning nakatungtong sa interes ng sambayanan.

Bukod pa rito, dapat itaguyod ang matibay na ugnayan ng MSMEs sa mga kooperatiba, unyon, organisasyong masa, at makabayang negosyante upang mapalalim ang kanilang ugat sa tunay na makataong produksyon. Ang mga MSMEs ay nararapat bigyan ng akses sa kapital, teknolohiya, at edukasyon—hindi upang habulin lamang ang kita, kundi upang aktibong paglingkuran ang mas malawak na interes ng lipunan.

**Konklusyon**

Maliwanag sa mga datos at pagsusuri na ang MSMEs ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng lokal na ekonomiya at sa pagbubuo ng isang industriyang nakabatay sa pambansang kapasidad at sariling kakayahan. Gayunpaman, hindi sapat ang pagkilala sa kanilang ambag kung patuloy silang ginigipit ng hindi pantay na mga polisiya, kakulangan sa suporta, at dominasyon ng dayuhang kapital. Ang tunay na pagsuporta sa MSMEs ay nangangahulugan ng pagbaklas sa mga patakarang neoliberal na nagpapalubha sa kanilang kalagayan, at paglalatag ng isang programang industriyalisasyon na nakaugat sa pambansang soberanya, makatarungang estruktura ng pag-aari, at kapakanan ng mamamayan.

Ang MSMEs ay hindi neutral na pwersa—maari silang maging instrumento ng dayuhang kontrol, ngunit may kapasidad din silang maging haligi ng isang makabayan, demokratiko, at makataong ekonomiya. Sa ilalim ng isang progresibo at makamasang oryentasyon, ang pagpapaunlad sa MSMEs ay dapat isaalang-alang bilang bahagi ng mas malawak na layunin ng pagbubuo ng independyenteng industriya na tunay na nagsisilbi sa sambayanan. Sa ganitong landas, ang MSMEs ay hindi lamang tagalikha ng trabaho at produkto, kundi katuwang sa pagsusulong ng makabuluhang pagbabago sa sistemang pang-ekonomiya ng bansa.

Mga Sanggunian

Business World. (2022). Strengthening the country's economic backbone . Business World.. https://www.bworldonline.com/special-features/2022/12/21/494399/strengthening-the-countrys-economic-backbone

de Vera, B. A. (2024). Bad loans threaten to derail growth of MSMEs despite digital platform boom. Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2024/11/20/bad-loans-hinder-ph-msme-financing

Department of Trade and Industry. (n.d.). 2023 Philippine MSMEs Statistics. https://www.dti.gov.ph/resources/msme-statistics/
Philexport Cebu. (2019). SMEs most burdened by tax and local go v't regulations-AIM survey on compliance. https://www.philexportcebu.org/smes-most-burdened-by-tax-and-local-govt-regulations-aim-survey-on-compliance

Philippine Statistics Authority. (2024). 2023 Philippine MSME statistics in brief.

*Footnotes:

1. Other Service Activities include Personal Services for Wellness, except Spas, Repair of Personal and Household Goods, Funeral and Related Activities, Repair of Computers and Communications Equipment, Laundry Activities, and Other Personal Service Activities.

2. Other Industries (13.39%)
Human Health and Social Work Activities (2.61%); Arts, Entertainment, and Recreation (1.72%); Real Estate Activities (1.47%); Administrative and Support Service Activities (1.40%); Professional, Scientific and Technical Activities (1.38%); Education (1.21%); Transport and Storage (1.11%); Information and Communication (0.69%); Agriculture, Forestry, and Fishing (0.82%); Construction (0.47%); Water Supply, Sewerage, Waste Management and Remediation Activities (0.11% ); Electricity, Gas, Steam, and Air Conditioning Supply (0.11%); Mining and Quarrying (0.0796)



# Walang Kontraktwal sa Panahon nang Pagtatayo ng Pambansang Industriya sa Tsina!

**Pagbabalik-Tanaw sa Karanasan ng Uring Manggagawang Tsino sa Ilalim ng Tunay na Sosyalistang Bansa, 1949 - 1976**

**Panimula**

Sa kasalukuyan ay laganap ang mga protesta sa Imperyalistang Tsina dahil sa kawalan ng kasiguruhan sa trabaho ng mga manggagawa. Marami sa mga pagawaan ang nagsara dulot ng krisis ng labis na produksyon at kapital na likas sa isang imperyalistang bansa na ang pangunahing layunin ay ang pagkamal ng supertubo. Kabaligtaran ito ng mga pangyayari noong panahon itinatayo ng mamamayang Tsino sa pamumuno ng uring manggagawa ang tunay na sosyalistang lipunan na kung saan ang pwersa sa produksyon ay lumilikha batay lamang pangangailangan ng mga mamamayan.

Ganap na lumaya ang Tsina mula sa isang bansang atrasado o malakolonyal at malapyudal tungo sa isang maunlad na ekonomiya na nakaasa sa sarili sa pamamagitan ng pagtatayo ng pambansang industriya kaakibat ng pagpapatupad ng tunay na repormang agraryo. Ang isa sa mga dahilan ng tagumpay na ito ay ang polisiya na regular ang lahat ng mga manggagawa at patuloy na pagpapataas ng kanilang pampulitikang kamulatan upang mahusay na mapamunuan ang estado ng tunay na naglilingkod sa mamamayan.

Samantala, ang Pilipinas ay nagpapatuloy na malakolonyal at malapyudal. Patuloy na atrasado ang ating industriya, laganap ang kawalan ng trabaho, kontraktwalisasyon at salat na kabuhayan. Kung ikumkumpara ang Pilipinas sa ating mga karatig bansa sa Association of Southeast Asian Nations (ASEAN), isa sa mga pinaka – kulelat ang una sa mga minimum na pamantayan ng pag – unlad ng industriya (talaan). Sa sampung kasaping bansa ng ASEAN noong taong 2023, pangatlo sa pinakamataas ang ating bansa sa unemployment habang pang–walo lamang sa dami nang may trabaho sa sektor ng industriya. Pang – walo din ang Pilipinas pagdating sa ambag ng industriya sa Gross Domestic Product (GDP) at pang – pito lamang sa GDP per Capita* na isa sa mga pamantayan sa antas ng kabuhayan ng mga mamamayan ng isang bansa.

Ang pagiging kulelat ng ating bansa sa ASEAN ay nagpapakita lamang ng ating bansot na industriya. Sadyang naka-disenyo ang polisiya ng Pilipinas sa oryentasyon ng kolonyal na kalakalan na ayon sa dikta ng imperyalismo, kasabwat ang lokal na naghaharing uri at mga namumuno sa pamahalaan. Ang ekonomiya ng bansa ay daan taon na pawang taga-eksport ng murang hilaw na materyales habang taga-import at nakaasa sa mas mahal na yaring produkto ng dayuhan. Lahat ng namuno sa pamahalaan ay walang ginawang signipikanteng hakbang upang lumikha ng sariling industriya at paunlarin ang atrasadong agrikultura.

Patuloy na nakaasa sa pag-import ang ating ekonomiya at patuloy na dumadami ang inaangkat na produkto mula sa mga dayuhan. Dagsa sa ating lokal na pamilihan ang mga imported na produkto mula sa mga makinarya sa produksyon, pang-konsumo at maging mga produktong agrikultura habang nagpapatuloy ang Pilipinas bilang taga – suplay ng murang hilaw na materyales pangunahin para sa mga dayuhang kapitalista. Dulot nito ang palagiang depisit ng ating ekonomiya at lubos nakaasa sa dayuhang pautang (pakibasa ang mga kaugnay na artikulo).

Tinitiyak din ng polisiya sa ilalim ng kolonyal na kalakalan ang tiyak na suplay ng murang lakas paggawa para sa dayuhang kapital at lokal na naghaharing uri. Ang kawalan ng industriya at atrasadong agrikultura ng Pilipinas ay sadyang nagpaparami ng walang trabaho o palagiang naghahanap ng trabaho katuwang ang polisiya ng kontraktwalisasyon at iba – ibang minimum wage rate sa bawat probinsya upang maging mas madali sa kapitalista itakda ang mas mababang sahod.

Sa huli, hanggat hindi lumalaya ang Pilipinas sa malakolonyal at malapyudal na lipunan na idinikta ng imperyalismo at lokal na naghaharing uri ay hindi maitatayo ang ating pambansang industriya. Nangangahulugan lamang ito nang lalo pang paghihirap ang uring manggagawa, maralitang magsasaka at kalakhan ng mamamayan.

Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) Key Figures 2023

| Member States | Unemployment Rates (%)[1] | Shares of Employment (%) by Industry[2] | GDP per Capita (US$) | Share of Industry Sector to Total GDP (%) |
|---|---|---|---|---|
| **Philippines** | **4.6 (3rd)** | **17.1 (8th)** | **3,907 (7th)** | **27.2 (8th)** |
| Brunei Darussalam | 5.2 | 20.5 | 33,508 | 21.5 (10th) |
| Cambodia | 1.0 (10th) | 33.4 (1st) | 2,477 | 40.4 (1st) |
| Indonesia | 5.3 (1st) | 22.4 | 4,920 | 31.1 |
| Lao PDR | 2.4 | 10 (10th) | 1,880 | 32.3 |
| Malaysia | 3.4 | 26.2 | 11,864 | 29.4 |
| Myanmar | 3.7 | 16.8 | 1,144 (10th) | 33.2 |
| Singapore | 2.7 | 17.7 | 84,714 (1st) | 23.6 |
| Thailand | 1 (10th) | 21.9 | 7,351 | 31.0 |
| Viet Nam | 2.1 | 33.5 | 4,282 | 37.8 |

**Pagbabalik Tanaw sa Pagtatayo ng Pambansang Industriya at Pagpapatupad ng Tunay na Repormang Agraryo ng Tsina**

Nagapi ng mga mamayang Tsino sa pamumuno ng uring manggagawa ang imperyalistang kapangyarihan at kasabwat na mga lokal na naghaharing uring malaki burgesya komprador (MBK) at panginoong may lupa (PML) sa kanilang bansa noong 1949. Ang unang hakbang na kanilang ginawa ay pinalaya ang mga maralitang magsasaka mula sa daang taong pyudalismo sa pamamagitan ng libreng pamamahagi ng lupa. Batid ng uring manggagawa na hindi nila maitatayo ang pambansang industriya hanggat hindi nila mapapataas ang kalagayan ng kabuhayan ng uring magsasaka na kalakhan ng populasyon ng kanilang atrasadong bansa. Ito din ang pangunahing pamamaraan upang tuluyang mabuwag ang kapangyarihang pang - ekonomiya ng mga lokal na naghaharing uring MBK at PML.

**1. Panimulang Yugto ng Pagtatayo ng Sosyalistang Bansa (1949 – 1952)**

Tulad ng nabanggit ay ipinamahagi ng libre ang lupa sa mga maralitang magsasaka sa pamamagitan ng pagkumpiska nito mula sa PML. Kaya noong taong 1952, umabot sa 47 milyon ektarya ng lupa ang naipamahagi sa mga magsasaka na pinakinabangan ng mahigit 200 milyong magsasaka.

Kaakibat ng libreng pamamahagi ng lupa, ang pagpapatupad ng kolektibisasyon ng pagsasaka at iba pang uri ng mutwal na tulungan sa produksyon*. Ito ay hindi lamang para pataasin ang produksyon bagkus ay unti – unting itaas ang pag-unawa ng uring magsasaka sa pagtatayo ng lipunang sosyalista. Kaanlisabay nito, ay isinabansa ang ibang bahagi ng lupang taniman na gumagamit ng mas mataas na pamamaraan teknolohiya at kagamitan tulad ng traktora. Ito ay upang matiyak na sapat nag produksyon para sa seguridad sa pagkain at iba pang pangangailangan ng mamamayan.

Dahil dito ay tumaas ng 40 porsyento ang produksyon ng pagkain at 200 porsyento naman ang itinaas ng bulak mula 1949 tungo sa taong 1952 (ibid.). Umangat ang pamumuhay ng mga magsasaka at sa loob lamang ng tatlong taon ay naabot na ng Tsina ang kasiguruhan sa pagkain na hindi nangyari nang nakalipas na daang taon sa ilalim ng pamumuno ng burgesya.

Kinumpiska mula sa MBK at isinabansa ang mga istratehikong mga industriya, tulad ng bakal, minahan, transportasyon, bangko, kalakalan lokal at internasyonal, at iba pa. Sa pamumuno ng uring manggagawa ay planado at magkakaugnay ang pagpapatakbo ng produksyon na ang layunin ay tugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan at hindi para sa tubo. Tulad ng nabanggit, ang lahat ng manggagawa sa panahong ito ay regular at sa 15 milyon na manggagawa, 10.2 milyon ay kasapi ng unyon (ibid.). Tumaas ang ang kanilang sahod hanggang 120 porsyento sa loob ng tatlong taon (ibid.). Sa pamamagitan din ng planadong produksyon ay napanatiling mababa ang presyo ng mga batayang pangangailangan. Sa huli, tumaas ang produksyon ng industriya ng 48.3 porsyento mula 1949 tungo sa 1952.

Sa pamumuno ng uring manggagawa ay umani ng maraming tagumpay sa loob lamang ng tatlong taon ang mamamayang Tsino. Nagapi nila ang kapangyarihan ng Imperyalista na puno't dulo ng daang taong pagiging atrasado ng kanilang bansa. Nailatag ng mamamayang Tsino ang mga batayan para ganap na maitayo ang pambansang industriya. Habang nasa kanilang kabatiran na ito ay simula pa lamang at marami pang dapat gawin. Ang mahalaga, nasa tamang landas ang mamamayan tungo sa isang tunay na sosyalistang lipunan.

**2. Five Year Plan (1953 – 1957)**

Sa unang tatlong taon ay signipikanteng tagumpay ang nakamit ng mamamayang Tsino upang ilatag ang mga pangunahing batayan upang maitayo ang pambansang industriya sa kanilang bansa. Susing hakbang dito ang pamumuno ng uring manggagawa sa pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa kung saan naitaas ang kabuhayan ng kalakhan ng populasyon, ang uring maralitang

magsasaka.

Higit pa, nakaugnay ito sa pagtatayo ng pambansang industriya batay sa isang planadong ekonomiya sa pamamagitan ng pagsasabansa ng mga estratehikong industriya. Kasabay ng pagtaas ng kanilang kabuhayan at kamulatan ay ang paglakas ng kanilang kapangyarihang pampulitika. Sa ganitong paraan ay signipikanteng napapawi ang kakayanan ng Imperyalismo at kasabwat nitong MBK at PML makabalik sa estado poder at makapagsamantalang muli sa kalakhan ng mga mamamayan. Umiral ang tunay na pambansang demokrasya sa bansang Tsina bilang unang hakbang para tumungo pangalawang hakbang, ang pagpawi sa pagsasamantala ng kapital o ang sosyalistang lipunan.

Habang patuloy na nakokonsolida sa bagong kaayusan ng lipunan ang uring manggagawa at uring magsasaka ay tungkulin nila na hikayatin sa hindi antagonistikong pamamaraan ang iba pang uri sa lipunan. Ito ang isa sa mga pangunahing programa ng Five Year Plan. Matagumpay na nahikayat ang uring pambansa at peti burgesya sa kabutihang maidudulot ng sosyalismo sa kanilang hanay.

Sa ilalim ng Five-Year Plan ay halos lubusan nang naitatag ng mamamayang Tsino ang sosyalistang lipunan. Sa yugtong ito ay umabot sa 67 porsyento ng empresa ay pag-aari na ng estado, habang ang natitirang porsyento ay kasosyo na ng huli.5 Signipikanteng pagsulong ito sa pagwawakas ng pagsasamantala mula sa uring kapitalista. Bagamat may tulong na nakukuha mula sa Unyong Sobyet ng Sosyalistang Republika (USSR), pangunahin pa din nakaasa ang Tsina sa sarili nilang lakas.

Ang karamihan ng uring Pambansang Burgesya ay kusa at unti-unti nang niyayakap ang sosyalismo.6 Napatunayan ng uring manggagawa at uring magsasaka sa pambansang burges ang magandang naidulot ng pagtalikod sa konsepto ng pribadong pag-aari. Napagtanto ng Pambansang Burgesya na mas mataas ang produksyon kapag nakapailalim sa sosyalistang estado ang kanilang mga empresa at mas episyenteng natutugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan.

Kalakhan na ng sakahan ay nakapailalim na sa kooperatiba* at may kakayanan ng tugunan ang pangangailangan ng kanilang mga lalawigan. Sa panahon ng Five-Year Plan, nakapagtala sektor ng industriya ng 19.6% na paglago sa Gross National Product (GNP) at 4.9% naman ang sektor ng agrikultuta, sa kabila ng mga kalamidad na naganap sa bansang Tsina (ibid.).

Sa pagyakap ng signipikanteng bilang ng Pambansang Burgesya sa sosyalismo, nailatag ang batayan para makalikha ang Tsina ng mabigat na industriya upang tuluyan nang maitatag ang ekonomiyang hindi nakaasa sa Imperyalismo. Sa huli, muling nailatag ng mamamayang Tsino ang pundasyon upang patuloy na magpunyagi sa sosyalismo at humakbang pasulong para sa lalong ikabubuti ng mga mamamayan.

### 3. Great Leap Forward (1958 – 1962)

Mula sa sa daan taong pagiging atrasado ay naitatag na ng mga mamayang Tsino sa pamumuno ng uring manggagawa ang mabigat na industriya makalipas lamang ang isang dekada mula nang magapi nila ang imperyalismo. Sa ilalim ng programang Great Leap Forward ay nakalikha na ang bansa ng sarili nitong traktora at iba pang sasakyan. Nakalikha na din sila ng gunboats at iba pang kagamitang pang-depensa (ibid.). Sa yugto din ito ay itinigil na ng USSR ang kanilang suporta sa Tsina. Kaya naman lalong pinaigting ang pag-asa sa sariling kakayanan. Mula sa sama-samang pagkilos, umabot sa 84,000 ang nalikhang imbakan ng tubig para sa irigasyon kumpara sa 1,200 noong taong 1949 (ibid.). Hindi na nangangamba ang mga magsasaka sa tuwing may darating na bagyo o tagtuyot. Halos lahat ng panig ng bansa ay nakapa-ilalim na sa komuna ng sambayanan*. Lumaki sa lahatang panig ng hindi bababa sa sampung ulit ang produksyon. Lalong tumampok ang kabutihang dulot ng produksyong planado at lumikha para lamang sa pangangailangan ng mamamayan.

Sa yugtong ito ganap na naitatag ng mamamayang Tsino ang pambansang industriya sa pamumuno ng uring manggagawa na regular at kalakhan ay kasapi ng unyon. Sa kabilang banda, ang kalakhan ng uring magsasaka ay nakapailalim na sa komuna ng samabayanan at niyakap ang pagtalikod sa konsepto ng pribadong pag-aari.

### 4. Great Proletariat Cultural Revolution (1966-1976)

Sa kabila ng tagumpay, hindi maiwasan na dumaan sa masalimuot na landas ang pagtataguyod sa lipunang sosyalismo. Sa patuloy na pag-iral ng uri, hindi maiiwasan ang tunggalian. Maraming pagkakataon na tinangkang paatrasin ang tagumpay ng tunay na sosyalistang Tsina ng mga intelektwal na uring peti burgesya. Ito ay nagbunsod sa paglulunsad ng Great Proletariat Cultural Revolution (GPCR) noong 1966. Layunin ng GPCR na hubugin ang mga petiburgesya sa pamamagitan ng pagsasapraktika ng kanilang kakayanang mental sa paglahok sa produksyon sa

empresa at agrikultura. Maraming kabataan mula sa mga pamantasan ang tumugon sa panawagan ito at tumagal ang programa hanggang 1976.

Ngunit nang pumanaw ang pinuno ng Tsina na si Chairman Mao Ze Dong, inagaw ng mga nakapuslit sa pamunuan na uring petiburgesya ang liderato ng sosyalistang estado sa pangunguna ni Deng Xiaoping.7 Pinaslang ang mga tapat na tagapagtaguyod ng lipunang tunay na naglilingkod sa mamamayan at binawi ang lahat ng tagumpay ng mamamayang Tsino. Ang ilan dito ay ang pagbuwag sa mga komuna ng samabayanan at pinatalsik sa mga empresa ang mga manggagawang regular at pinalitan ng kontraktwal. Marami sa mga empresa ay ibinalik sa mga indibidwal na kapitalista at ang mga lupa ay muling napasakamay ng mga PML. Sa kasalukuyan ay isa nang ganap na imperyalista ang Tsina at naghahasik ng pang-aapi sa mamamayan hindi lamang sa kanilang bansa kundi maging sa buong daigdig.

Sa kabila nito ay marami pa din tayong matutunang aral mula rito. Una, ang uring manggagawa na walang anumang pribadong pag – aari sa produksyon at pinanday sa sosyalistang paggawa sa pabrika ay siyang ubod ng pambansang industriyalisasyon at tunay na repormang agraryo. Ang uring manggagawa ang may pinakamataas na kakayanan magtatag ng isang tunay na sosyalistang lipunan. Ibig sabihin, hindi lamang pwersang pang – ekonomiya ang uring manggagawa bagkus ito ay pwersang pampulitika at nasa kanyang kamay nakasalalay ang paglaya sa pagiging aliping sahuran. Pangalawa, maging mapagbantay na makapuslit sa pamunuan ng sosyalistang estado ang uring petiburgesya na hindi lubusang niyakap ang batayang prinsipyo ng lubusang pagtalikod sa pribadong pag-aari.

Mga sanggunian:

1. https://foreignlanguages.press/wp-content/uploads/2021/11/N01-From-Victory-to-Defeat-7th-Printing.pdf
2. https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/00380253.2024.2378134
3. https://www.revolutionarydemocracy.org/archive/china1.htm
4. https://www.revolutionarydemocracy.org/archive/china2.htm
5. https://alphahistory.com/chineserevolution/first-five-year-plan/
6. https://oldsite.rupe-india.org/59/han.html
7. https://peoplesresearch.org/travel/august-2011/

*Footnotes:

1. GDP per Capita - Pagtutuos ng halaga ng GDP na hinati sa bawat mamamayan batay sa dami ng populasyon ng isang bansa.

2. Komuna ng Samabayanan – Pinakamataas na antas ng produksyon kanayunan sa Tunay na Sosyalistang Tsina kung saan lahat ng kagamitan sa produksyon (lupa, lakas paggawa, traktora atbp.) ay kolektibong pag-aari.

3. Kooperatiba – Panggitnang antas ng produksyon kanayunan sa Tunay na Sosyalistang Tsina kung saan ang kagamitan sa produksyon ay kumbinasyon ng pribado at kolektibong pag-aari.

4. Mutwal na Pagtutulungan – Pinakamababang antas ng produksyon kanayunan sa Tunay na Sosyalistang Tsina kung saan ang kagamitan sa produksyon ay pribadong pag-aari bagamat kolektibo ang pagsasaka, pag-aani at iba pang gawain sa pagtatanim.




Artwork ni Glenn F. Gonzales
Litrato kuha ni Joanna Robles

Ang **DATOS** sa mga pagkilos ng mga manggagawa ay tulong babasahin na inilalathala ng Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER) mula sa mga donasyon at suporta ng mga manggagawa at unyon.

*"Sapagkat ang lalamanin lamang nito ay mga datos hinggil sa pakikipaglaban ng mga manggagawa - mula welga hanggang simpleng pagkilos - agad na makakakita ang kaibahan nito sa ibang babasahin... magsisilbi ang datos na ito para sa tuloy-tuloy na pagmumulat sa mga manggagawa."*

- July 1981 unang isyu.

Mangyaring ipasa o ibahagi sa kapwa manggagawa pagkatapos basahin.